**PAGBABAWAL SA PANG-ISAHANG GAMIT NA MGA PLASTIK NA BAG. REPERENDUM.** Ang pagboto ng "Oo" ay nag-aaproba, at ang pagboto ng "Hindi" ay tumatanggi sa isang batas na nagbabawal sa grocery at ibang mga tindahan na magbigay sa mga customer ng mga pang-isahang gamit na plastik o papel na mga bag na dinadala sa labas pero nagpapahintulot sa pagbebenta ng ni-recycle na papel na mga bag o muling nagagamit na mga bag. Epekto sa Pananalapi: Maliit na mga epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan, kabilang ang maliit na pagtaas sa mga gastos ng estado sa pangangasiwa at posibleng maliit na matitipid ng lokal na pamahalaan mula sa nabawasang mga gastos sa kalat at basura.

YES / OO ←

NO / HINDI ←

**MEASURES SUBMITTED TO THE VOTERS  
MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE**

**SCHOOL PROPOSITIONS  
MGA PROPOSISYON NG PAARALAN**

**A** To repair and rehabilitate San Francisco Unified School District facilities to current accessibility, health, safety, seismic and instructional standards, replace worn-out plumbing, electrical, HVAC, and major building systems, renovate outdated classrooms and training facilities, construct school facilities and replace aging modular classrooms, improve information technology systems and food service preparation systems, shall the San Francisco Unified School District issue bonds in an amount not to exceed \$744,250,000 at legal rates, with annual audits, and citizen's oversight?

Para makumpuni at maipaayos ang mga pasilidad ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) at matugunan ang kasalukuyang mga pamantayan sa pagkakaroon ng access, kalusugan, kaligtasan sa lindol, at instruksiyon, mapalitan ang mga luma nang mga tubo ng tubig, sistemang elektrikal, HVAC, at mga pangunahing sistema ng gusali, maipaayos ang mga lumang silid-aralan at pasilidad para sa pagsasanay, maipatayo ang mga pasilidad ng paaralan at mapalitan ang matatanda nang modular na silid-aralan, mapahusay ang mga sistema sa teknolohiyang pang-impormasyon, at sa paghahanda para sa mga serbisyo sa pagpapakain, dapat bang maglabas ang San Francisco Unified School District ng mga bond sa halagang hindi lalampas sa \$744,250,000 na may legal na mga rate (tubong porsiyento), may taunang audit, at pangangasiwa ng mga mamamayan?

YES / OO ←    
NO / HINDI ←

**B** To continue providing City College of San Francisco local funds the State cannot take away and offset cuts to prevent layoffs; ensure affordable education for students; maintain core classes in writing, math and science; prepare students for four-year universities, workforce training in careers in nursing, engineering/ technology; provide counselors; keep college libraries open; shall San Francisco Community College District renew its existing annual parcel tax at \$99 per parcel for fifteen years, requiring annual independent audits and citizen oversight?

Para patuloy na mabigyan ang City College of San Francisco ng mga lokal na pondo na hindi puwedeng bawiin ng estado, at maibalik ang mga tinapyas na pondo upang maiwasan ang pagtatanggal ng mga empleyado sa trabaho; tiyakin ang abot-kayang edukasyon para sa mga estudyante; panatilihin ang mga batayang kurso sa pagsusulat, matematika at siyensiya; ihanda ang mga estudyante para sa mga unibersidad na pang-apat na taon, magkaroon ng mga pagsasanay ng mga magtatrabaho sa mga karera sa nursing, pag-iinhinyero/ teknolohiya; pagkaloob ng mga counselor (tagapayo); pagpapanatiling bukas ng mga aklatang pangkolehiyo, dapat bang i-renew ng Community College District (Kolehiyo ng Komunidad ng Distrito) ng San Francisco ang umiiral nang parcel tax (buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi nang natasang halaga nito) nang \$99 bawat parcel sa loob ng 15 taon, na isinasailalim sa taunang independiyenteng audit, at pangangasiwa ng mga mamamayan?

YES / OO ←    
NO / HINDI ←

**CITY AND COUNTY PROPOSITIONS  
MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY**

**C** SAN FRANCISCO EARTHQUAKE LOAN AND HOUSING PRESERVATION BONDS, 1992. To Amend 1992 voter approved measure Proposition A, to allow as an additional purpose the incurrence of bonded indebtedness to finance the acquisition, improvement, and rehabilitation of at-risk multi-unit residential buildings and to convert such structures to permanent affordable housing; shall the City and County of San Francisco issue up to \$260,700,000 in general obligation bonds, subject to independent citizen oversight and regular audits?

MGA BOND PARA SA PAGPAPAUTANG AT PRESERBASYON NG PABAHAY KAUGNAY NG LINDOL SA SAN FRANCISCO, 1992. Para amyendahan ang Proposisyon A, na batas na naaprubahan na ng mga botante noong 1992, upang pahintulutan bilang karagdagang layunin, ang pagkakaroon ng naka-bond na pagkakautang, at nang maipondohan ang pagkakaroon, pagpapahusay, at rehabilitasyon ng mga nanganganib na multi-unit na mga residensiyal na gusali, at para mabago ang gayong mga istruktura tungo sa pagiging permanenteng abot-kaya na pabahay, dapat bang maglabas ang Lungsod at County ng San Francisco ng hanggang sa \$260,700,000 ng mga general obligation bond (bond para sa pangkalahatang obligasyon), na isinasailalim sa independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan at mga regular na audit?

YES / OO ←    
NO / HINDI ←

**D** Shall the City amend the Charter to require the Mayor to make a temporary appointment to fill a vacancy in a local elected office within 28 days of the date of the vacancy; provide that the person who temporarily fills a vacancy on the Board of Supervisors cannot run in the election held to fill that vacancy for the remainder of the term; and require the City to hold an election to fill a vacancy on the Board of Supervisors within 126 to 154 days if there is no City election scheduled, within 180 days if another election is already scheduled within that period, or more than 180 days later if requested by the Director of Elections and approved by the Mayor and the Board of Supervisors?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para itakda sa Mayor na gumawa ng pansamantalang pagtatalaga upang mapunan ang pagkabakante ng isang posisyon na inihalal ng lokal, sa loob ng 28 araw ng petsa ng pagkabakante nito; itakda na ang taong pansamantalang hahawak ng bakanteng posisyon para sa Lupon ng mga Superbisor ay hindi maaaring tumakbo sa eleksyon para sa naturang posisyon sa mga natitirang araw ng termino; at itakda sa Lungsod na magdaos ng eleksyon para punan ang bakanteng posisyon sa Lupon ng mga Superbisor sa loob ng 126 hanggang 154 araw, kung walang naka-iskedyul na eleksyon ng Lungsod, sa loob ng 180 araw kung mayroon nang ibang eleksyon na naka-iskedyul sa loob ng panahong iyon, o pagkatapos ng mahigit sa 180 araw kapag hiniling ito ng Direktor ng mga Eleksyon at naaprubahan ng Mayor at ng Lupon ng mga Superbisor?

YES / OO ←    
NO / HINDI ←

**E** Shall the City amend the Charter to transfer responsibility from property owners to the City for maintaining trees on sidewalks around their property as well as sidewalks damaged by the trees, and pay for this by setting aside \$19 million per year from its General Fund, adjusted annually based on City revenues?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para ilipat ang responsibilidad mula sa mga may-ari ng lupa sa Lungsod para sa pag-aalaga sa mga puno na nasa mga bangketang nakapaligid sa kanilang pag-aari, pati na rin ang mga bangketang nasisira ng mga puno, at magbayad para dito sa pamamagitan ng pagsasantabi ng \$19 milyon kada taon mula sa Pangkalahatang Pondo nito, na iniaayon taon-taon batay sa mga kita ng Lungsod?

YES / OO ←    
NO / HINDI ←

**F** Shall the City amend the Charter to allow San Francisco residents to vote on local candidates and local ballot measures if they are U.S. citizens, at least 16 years old and registered to vote?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter upang mapahintulutan ang mga residente ng San Francisco na bumoto ng mga lokal na kandidato at lokal na mga panukala na nasa balota, kung mga mamamayan sila ng U.S., hindi bababa sa edad 16, at rehistrado para bumoto?

YES / OO ←    
NO / HINDI ←

**G** Shall the City amend the Charter to rename the Office of Citizen Complaints as the Department of Police Accountability (DPA); require the DPA to review the San Francisco Police Department's use-of-force policies and its handling of claims of police misconduct; allow the DPA to audit or review any SFPD policy, procedure or practice; specify the City records that the DPA may access to perform its duties; and provide that the DPA would separately submit its budget to the Mayor?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para bigyan ng bagong pangalan ang Office of Citizen Complaints (Opisina para sa mga Reklamo ng mga Mamamayan) bilang Department of Police Accountability (Departamento ng Pananagutan ng Pulisya, DPA); itakda sa DPA na repasuhin ang mga patakaran ng San Francisco Police Department sa paggamit ng dahas, at ang paghawak nito sa mga kaso ukol sa maling gawi ng mga pulis; pahintulutan ang DPA na i-audit o i-review ang anumang patakaran, pamamaraan o gawi ng SFPD; tukuyin ang mga rekord ng Lungsod na puwedeng makuha ng DPA sa pagpapatupad ng mga tungkulin nito; at pahintulutan ang DPA na isumite nang hiwalay ang budget nito sa Mayor?

YES / OO ←    
NO / HINDI ←

**H** Shall the City amend the Charter to create the position of Public Advocate, responsible for investigating and attempting to resolve public complaints concerning City services and programs; and shall it be City policy to provide the Public Advocate with sufficient funding and a support staff of at least 25 people?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para lumikha ng posisyon na Public Advocate (Pampublikong Tagapagtaguyod), na responsable sa pag-iimbestiga at pagtatangkang maresolba ang mga pampublikong reklamo hinggil sa mga serbisyo at programa ng Lungsod; at dapat bang maging polisiya ng Lungsod na magkaloob sa Public Advocate ng sapat na pondo at mga katulong na kawani na hindi bababa sa 25 katao?

YES / OO ←    
NO / HINDI ←

**Vote both sides of ballot  
Bumoto sa parehong harap at likod ng balota**




# OFFICIAL BALLOT

Consolidated General Election  
City and County of San Francisco  
November 8, 2016

### INSTRUCTIONS TO VOTERS:

- Complete the arrow pointing to your choice, as shown in the picture.
- If you make a mistake, you may request a new ballot.









# OPISYAL NA BALOTA

Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon  
Lungsod at County ng San Francisco  
Nobyembre 8, 2016

### MGA INSTRUKSIYON SA MGA BOTANTE:

- Kumpletuhin ang arrow na nakaturo sa inyong pinili, gaya ng ipinapakita sa litrato.
- Pwede kayong humingi ng panibagong balota kung magkamali kayo.

401



**Esta boleta está disponible en español**  
Por correo: llame al (415) 554-4366 En persona: pregunte a un trabajador electoral

**這選票有中文翻譯**  
若想郵寄收到中文翻譯選票，請致電：(415) 554-4367 若您親身投票，請詢問投票站工作人員

MEASURES SUBMITTED TO THE VOTERS MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE	
CITY AND COUNTY PROPOSITIONS MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY	
I	<p>Shall the City amend the Charter to establish the Dignity Fund and set aside at least \$38 million a year, plus scheduled increases, from the General Fund until June 30, 2037, to pay for programs and services to assist seniors and adults with disabilities?</p> <p>Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para magtatag ng Dignity Fund at magtabi ng hindi bababa sa \$38 milyon kada taon, dagdag pa ang mga naka-iskedyul na pagtaas, mula sa Pangkalahatang Pondo hanggang sa Hunyo 30, 2037, para mabayaran ang mga programa at serbisyo na tumutulong sa mga matatanda at mga nasa sapat na gulang na may kapansanan?</p>
<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>	
J	<p>Shall the City amend the Charter to create a Homeless Housing and Services Fund, which would provide services to the homeless including housing and Navigation Centers, programs to prevent homelessness and assistance in transitioning out of homelessness by allocating \$50 million per year for 24 years, adjusted annually; and create a Transportation Improvement Fund, which would be used to improve the City's transportation network by allocating \$101.6 million per year for 24 years, adjusted annually?</p> <p>Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para lumikha ng Pondo para sa Pabahay at mga Serbisyo sa Mga Homeless (Walang Tahanan), na magkakaloob ng mga serbisyo sa mga homeless, kasama na ang pabahay at mga Navigation Center, mga programa para mapigilan ang kawalan ng tahanan, at tulong sa transisyon para hindi na maging homeless, sa pamamagitan ng paglalaan ng \$50 milyon kada taon sa loob ng 24 taon, na iniaayon taon-taon; at lumikha ng Pondo para sa Pagpapahusay sa Transportasyon, na gagamitin para mapahusay pa ang network ng transportasyon ng Lungsod sa pamamagitan ng paglalaan ng \$101.6 milyon kada taon sa loob ng 24 taon, na iniaayon taon-taon?</p>
<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>	
K	<p>Shall the City increase its sales tax by 0.75%, for a total tax of 9.25%?</p> <p>Dapat bang taasan ng Lungsod ang buwis nito sa pagbebenta nang 0.75%, para sa kabuuang buwis na 9.25%?</p>
<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>	
L	<p>Shall the City allow the Mayor to nominate four members to the SFMTA Board of Directors, subject to approval by the Board of Supervisors; allow the Board of Supervisors to appoint three members; reduce from seven to six the number of votes needed for the Board of Supervisors to reject the SFMTA's proposed budget; and require the SFMTA to respond to the Board's findings and submit a revised budget if the Board of Supervisors rejected the original budget?</p> <p>Dapat bang pahintulutan ng Lungsod ang Mayor na magnomina ng apat na miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng SFMTA, na kailangang aprubahan ng Lupon ng mga Superbisor; pahintulutan ang Lupon ng mga Superbisor na magtalaga ng tatlong miyembro; bawasan ang bilang ng mga botong kinakailangan mula sa pito tungo sa anim para maisantabi ng Lupon ng mga Superbisor ang panukalang budget ng SFMTA; at itakda sa SFMTA na tugunan ang mga kapasyahan ng Lupon at magsumite ng binagong budget kapag isinantabi ng Lupon ng mga Superbisor ang orihinal na budget?</p>
<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>	
M	<p>Shall the City amend the Charter to create the Housing and Development Commission to oversee two new departments (the Department of Economic and Workforce Development and the Department of Housing and Community Development) that would take over the duties of the Office of Economic and Workforce Development and the Mayor's Office of Housing and Community Development, which would cease to exist?</p> <p>Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para lumikha ng Housing and Development Commission (Komisyon para sa Pabahay at Pagpapaunlad) na mangangasiwa sa dalawang bagong departamento (ang Department of Economic and Workforce Development at ang Department of Housing and Community Development) na siyang papalit sa pamamahala sa Office of Economic and Workforce Development at sa Office of Housing and Community Development ng Mayor, na mawawala na?</p>
<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>	
N	<p>Shall the City allow a non-citizen resident of San Francisco who is of legal voting age and the parent, legal guardian or legally recognized caregiver of a child living in the San Francisco Unified School District to vote for members of the Board of Education?</p> <p>Dapat bang pahintulutan ng Lungsod ang non-citizen resident (hindi mamamayang residente) ng San Francisco, na nasa legal na edad ng pagboto, at magulang, tagapatnubay o legal na kinikilalang tagapangalaga ng bata na nakatira sa San Francisco Unified School District, upang bumoto para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon?</p>
<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>	
O	<p>Shall the City permanently exempt new office space on Candlestick Point and most of the former Navy shipyard at Hunters Point from the City's annual 950,000-square-foot limit, and provide that any new office space in this project area would not count toward the annual limit that applies in the rest of the City?</p> <p>Dapat bang permanente nang hindi isama ng Lungsod ang bagong espasyo para sa opisina na nasa Candlestick Point at ang malaking bahagi ng dating Navy shipyard na nasa Hunters Point sa taunang limitasyon na 950,000-square-foot ng Lungsod, at itakda na hindi ibibilang ang anumang bagong espasyo para sa opisina sa lugar ng proyektong ito, sa taunang limitasyon na ipinatutupad sa iba pang bahagi ng Lungsod?</p>
<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>	
P	<p>Shall the City be prohibited from proceeding with an affordable housing project on City-owned property unless the Mayor's Office of Housing and Community Development receives at least three proposals; and shall the City incorporate into City law most current criteria for selecting a developer for affordable housing projects on City-owned property?</p> <p>Dapat bang ipagbawal sa Lungsod ang pagpapatuloy ng proyektong para sa abot-kayang pabahay na nasa lupang pag-aari ng Lungsod maliban na lamang kung makatatanggap ang Office of Housing and Community Development (Opisina para sa Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad) ng Mayor nang hindi bababa sa tatlong mungkahing proyektong; at dapat bang isama ng Lungsod sa mga batas ng Lungsod ang pinakabagong mga pamantayan sa pagpili ng developer para sa mga proyektong abot-kayang pabahay sa lupang pag-aari ng Lungsod?</p>
<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>	

**MEASURES SUBMITTED TO THE VOTERS  
MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE**

**CITY AND COUNTY PROPOSITIONS  
MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY**

<b>Q</b>	<p>Shall the City prohibit the placement of tents on public sidewalks without a City permit and allow the City to remove unauthorized tents if the City provides 24-hour advance notice, offers shelter for all tent residents and stores the residents' personal property for up to 90 days?</p> <p>Dapat bang ipagbawal ng Lungsod ang paglalagay ng mga tent sa mga pampublikong bangketa na walang permit mula sa Lungsod at pahintulutan ang Lungsod na tanggalin ang mga tent na walang awtorisasyon kung magbibigay ang Lungsod ng abiso 24 oras bago ang pagtatanggal, mag-aalok ng matutuluyan sa lahat ng mga residente ng tent, at iimbak ang mga personal na pag-aari ng mga residente nang hanggang sa 90 araw?</p>	<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>
<b>R</b>	<p>Shall the City create a Neighborhood Crime Unit to prevent and investigate crimes that affect neighborhood safety and quality of life when the City has at least 1,971 full-duty uniformed police officers?</p> <p>Dapat bang lumikha ang Lungsod ng Neighborhood Crime Unit (Unit para sa mga Krimen sa Komunidad) para maiwasan at maibestigahan ang mga krimen na naka-aapekto sa kaligtasan at kalidad ng buhay ng komunidad, kung mayroon nang hindi bababa sa 1,971 na unipormado at lubusang naglilingkod na pulis ang Lungsod?</p>	<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>
<b>S</b>	<p>Shall the City use the money raised by the current 8% base tax on the rental of hotel rooms to provide specific funding for two different areas: arts programs and family homeless services?</p> <p>Dapat bang gamitin ng Lungsod ang perang nakukuha mula sa kasalukuyang 8% base tax (batayang buwis) sa pagpapaupa ng mga kuwarto sa hotel para magkaloob ng espesipikong pondo para sa dalawang magkaibang saklaw: mga programa sa sining at mga pampamilyang serbisyo para sa mga homeless?</p>	<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>
<b>T</b>	<p>Shall the City prohibit any lobbyist from making campaign contributions to a City elected official or bundling contributions for the official, if the lobbyist was registered to lobby the official's agency; generally prohibit lobbyists from providing gifts of any value to City officials; and require lobbyists to identify the City agencies they plan to lobby?</p> <p>Dapat bang ipagbawal ng Lungsod sa sinumang lobbyist ang pagbibigay ng mga kontribusyon para sa kampanya ng inihalal na opisyal ng Lungsod, o ang pagsasama-sama ng mga kontribusyon para sa opisyal, kung nakarehistro ang lobbyist para mangampanya sa ahensiya ng opisyal; sa pangkalahatan ay ipagbawal sa mga lobbyist ang pagbibigay ng mga regalo, anuman ang halaga, sa mga opisyal ng Lungsod; at itakda sa mga lobbyist na tukuyin ang mga ahensiya ng Lungsod kung saan nagpapalano silang mangampanya?</p>	<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>
<b>U</b>	<p>Shall the City increase the income eligibility limit for on-site rental units for all new and existing affordable housing units to make them affordable for households earning up to 110% of the area median income?</p> <p>Dapat bang taasan ng Lungsod ang limitasyon upang maging kuwalipikado batay sa kita para sa mga on-site (nasa lugar mismo) na paupahang unit para sa lahat ng mga bago at nariyan nang abot-kayang unit ng pabahay, upang maging abot-kaya ang mga ito sa mga kabahayang kumikita ng hanggang sa 110% ng area median income (panggitnang kita ng lugar)?</p>	<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>
<b>V</b>	<p>Shall the City collect a tax of one cent per ounce from the distributors of sugar-sweetened beverages?</p> <p>Dapat bang mangolekta ang Lungsod ng buwis na isang sentimo kada onsa mula sa mga distributor ng mga inuming pinatatamis ng asukal?</p>	<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>
<b>W</b>	<p>Shall the City increase the transfer tax rate for sales of residential and commercial properties from 2% to 2.25% for sales from \$5 million up to \$10 million; from 2.5% to 2.75% for sales from \$10 million up to \$25 million; and from 2.5% to 3% for sales of \$25 million or more?</p> <p>Dapat bang taasan ng Lungsod ang porsiyento ng transfer tax para sa pagbebenta ng mga ari-ariang residensiyal at komersiyal, mula sa 2% tungo sa 2.25% para sa mga ibinentang mula sa \$5 milyon hanggang sa \$10 milyon; mula sa 2.5% tungo sa 2.75% para sa mga ibinentang mula sa \$10 milyon hanggang sa \$25 milyon; at mula sa 2.5% tungo sa 3% para sa mga ibinentang nagkakahalaga ng \$25 milyon o higit pa?</p>	<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>
<b>X</b>	<p>Shall the City require developers of projects in parts of the Mission and South of Market neighborhoods to build replacement space if they remove production, distribution and repair (PDR) uses of 5,000 square feet or more, institutional community (IC) uses of 2,500 square feet or more, or arts activities uses of any size, and to obtain a conditional use authorization before changing the property's use?</p> <p>Dapat bang itakda ng Lungsod sa mga developer ng mga proyekto sa ilang bahagi ng Komunidad ng Mission at South of Market na magtayo ng pamalit na espasyo kapag tinanggal nila ang paggamit kaugnay ang production, distribution and repair (produksiyon, distribusyon, at pagkumpuni, PDR) ng 5,000 square feet o higit pa, paggamit kaugnay ang institutional community (institusyonal na komunidad, IC) ng 2,500 square feet o higit pa, paggamit kaugnay ang gawaing sining anuman ang sukat, at upang makakuha ng awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit bago palitan ang paggamit sa ari-arian?</p>	<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>

**DISTRICT PROPOSITIONS  
MGA PROPOSISYON NG DISTRITO**

<b>RR</b>	<p><b>BART Safety, Reliability and Traffic Relief.</b> To keep BART safe; prevent accidents/breakdowns/delays; relieve overcrowding; reduce traffic congestion/pollution; improve earthquake safety and access for seniors/disabled by replacing and upgrading 90 miles of severely worn tracks; tunnels damaged by water intrusion; 44-year-old train control systems; and other deteriorating infrastructure, shall the Bay Area Rapid Transit District issue \$3.5 billion of bonds for acquisition or improvement of real property subject to independent oversight and annual audits?</p> <p><b>Kaligtasan, Pagka-maasahan at Kaluwagan ng Trapiko sa BART.</b> Upang panatilihin ang BART, mapigilan ang mga aksidente/pagkasira/pagka-antala ng tren; maibsan ang pagsisiksikan; mabawasan ang pagsisikip sa trapiko/polusyon; mapagbuti ang kaligtasan kung may lindol at akses para sa mga nakatatanda/may kapansanan sa pamamagitan ng pagpapalit at pag-a-upgrade ng 90 milya ng sira-sirang mga riles; mga lagusan na sinira ng pumasok na tubig; 44-taong-gulang na mga sistema sa pagkontrol ng tren; at iba pang mga nalulumang imprastruktura, nararapat ba na ang Bay Area Rapid Transit District ay mag-isyu ng \$3.5 bilyong mga bono para sa pagbili o pagpapahusay ng real property na sasailalim sa independiyenteng obersayt at mga taunang awdit?</p>	<p>YES / OO ←</p> <p>NO / HINDI ←</p>
-----------	---	---------------------------------------

**Vote both sides of ballot  
Bumoto sa parehong harap at likod ng balota**





# OFFICIAL BALLOT

Consolidated General Election  
City and County of San Francisco  
November 8, 2016

## INSTRUCTIONS TO VOTERS:

- You may rank up to three choices.
- Mark your first choice in the first column by completing the arrow pointing to your choice, as shown in the picture.
- To indicate a second choice, select a different candidate in the second column.
- To indicate a third choice, select a different candidate in the third column.
- To rank fewer than three candidates, leave any remaining columns blank.**
- To vote for a qualified write-in candidate who is not listed on the ballot, write the person's name on the blank line at the end of the candidate list and complete the arrow.
- If you make a mistake, you may request a new ballot.

### Esta boleta está disponible en español

Por correo: llame al (415) 554-4366  
En persona: pregunte a un trabajador electoral

這選票有中文翻譯  
若想郵寄收到中文翻譯選票，請致電：(415) 554-4367  
若您親身投票，請詢問投票站工作人員



# OPISYAL NA BALOTA

Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon  
Lungsod at County ng San Francisco  
Nobyembre 8, 2016

## MGA INSTRUKSIYON SA MGA BOTANTE:

- Maaari ninyong pagsunud-sunurin ang hanggang sa tatlong pinili.
- Markahan ang inyong unang pinili sa unang hanay sa pamamagitan ng pagkumpleto sa arrow na nakaturo sa inyong pinili, gaya ng ipinapakita sa litrato.
- Para matukoy ang pangalawang pinili, pumili ng ibang kandidato sa pangalawang hanay.
- Para matukoy ang pangatlong pinili, pumili ng ibang kandidato sa pangatlong hanay.
- Para pagsunud-sunurin ang mas kaunti sa tatlong kandidato, iwanan na blangko ang anumang mga natitirang hanay.**
- Para iboto ang isang kwalipikadong isinusulat lamang na kandidato na hindi nakalista sa blangkong linya sa dulo ng listahan ng mga kandidato at kumpletuhin ang arrow.
- Maaari kayong humingi ng panibagong balota kung magkamali kayo.

## CITY AND COUNTY / LUNGSOD AT COUNTY

### MEMBER, BOARD OF SUPERVISORS / MIYEMBRO, LUPON NG MGA SUPERBISOR DISTRICT 1 / DISTRITO 1

Vote your first, second, and third choices / Iboto ang inyong una, pangalawa, at pangatlong pinili

1 FIRST CHOICE UNANG PINILI	2 SECOND CHOICE PANGALAWANG PINILI	3 THIRD CHOICE PANGATLONG PINILI
Vote for One Bumoto ng Isa	Vote for One: Must be different than your first choice Bumoto ng Isa: Dapat naiiba ito sa unang pinili ninyo	Vote for One: Must be different than your first and second choices Bumoto ng Isa: Dapat naiiba ito sa una at pangalawang pinili ninyo
<b>SAMUEL KWONG</b> Architect Business Owner Arkitekto May-ari ng Negosyo	<b>SAMUEL KWONG</b> Architect Business Owner Arkitekto May-ari ng Negosyo	<b>SAMUEL KWONG</b> Architect Business Owner Arkitekto May-ari ng Negosyo
<b>SHERMAN R. D'SILVA</b> Operations Manager Tagapamahala ng mga Operasyon	<b>SHERMAN R. D'SILVA</b> Operations Manager Tagapamahala ng mga Operasyon	<b>SHERMAN R. D'SILVA</b> Operations Manager Tagapamahala ng mga Operasyon
<b>MARJAN PHILHOUR</b> Business Owner / Mother May-ari ng Negosyo / Ina	<b>MARJAN PHILHOUR</b> Business Owner / Mother May-ari ng Negosyo / Ina	<b>MARJAN PHILHOUR</b> Business Owner / Mother May-ari ng Negosyo / Ina
<b>RICHIE GREENBERG</b> Businessman / Advisor Negosyante / Tagapayo	<b>RICHIE GREENBERG</b> Businessman / Advisor Negosyante / Tagapayo	<b>RICHIE GREENBERG</b> Businessman / Advisor Negosyante / Tagapayo
<b>DAVID LEE</b> Teacher / Nonprofit Executive Guro / Nonprofit na Ehekutibo	<b>DAVID LEE</b> Teacher / Nonprofit Executive Guro / Nonprofit na Ehekutibo	<b>DAVID LEE</b> Teacher / Nonprofit Executive Guro / Nonprofit na Ehekutibo
<b>BRIAN J. LARKIN</b> Professional Engineer Propesyonal na Inhinyero	<b>BRIAN J. LARKIN</b> Professional Engineer Propesyonal na Inhinyero	<b>BRIAN J. LARKIN</b> Professional Engineer Propesyonal na Inhinyero
<b>JONATHAN LYENS</b> Budget Analyst Tagasuri ng Badyet	<b>JONATHAN LYENS</b> Budget Analyst Tagasuri ng Badyet	<b>JONATHAN LYENS</b> Budget Analyst Tagasuri ng Badyet
<b>SANDRA LEE FEWER</b> Commissioner, San Francisco Board of Education Komisyoner, Lupon ng Edukasyon ng San Francisco	<b>SANDRA LEE FEWER</b> Commissioner, San Francisco Board of Education Komisyoner, Lupon ng Edukasyon ng San Francisco	<b>SANDRA LEE FEWER</b> Commissioner, San Francisco Board of Education Komisyoner, Lupon ng Edukasyon ng San Francisco
<b>ANDY THORNLEY</b>	<b>ANDY THORNLEY</b>	<b>ANDY THORNLEY</b>
<b>JASON JUNGREIS</b> Attorney Abugado	<b>JASON JUNGREIS</b> Attorney Abugado	<b>JASON JUNGREIS</b> Attorney Abugado

